# Mag-file ng Tax Return para Maibalik ang Pera Mo

Puwedeng kwalipikado ka para sa libo-libong dolyar sa iyong refund ng buwis kapag nag-claim ka sa pederal na Earned Income Tax Credit at Child Tax Credit

## Paano Makuha ang Iyong mga Credit sa Buwis:

1 **Tingnan kung kwalipikado ka**
Alamin kung magkano ang puwede mong matanggap sa TaxOutreach.org/TaxCredits.

2 **Maghanap ng LIBRENG tulong sa buwis**
Pumunta sa GetYourRefund.org o tumawag sa 800-906-9887, kahit na hindi ka karaniwang nagfa-file ng mga buwis.

3 **I-file ang iyong mga buwis**
Makakuha ng libreng tulong sa pag-file ng iyong tax return hanggang Oktubre 1, 2023.

## Ano ang dapat dalhin sa isang appointment para sa buwis:

- ❑ Valid na ID na may litrato
- ❑ Social Security card, sulat na nagbeberipika sa Social Security number, o ITIN para sa lahat ng tao na nasa iyong tax return
- ❑ Mga W-2 o 1099 form
- ❑ Form 1095-A
- ❑ Anumang paunawa mula sa IRS
- ❑ Mga tax return noong 2020 at 2021, kung nasa iyo ang mga ito
- ❑ Identity Protection PIN (IP PIN), kung mayroon ka nito

**Para sa iba pang impormasyon, pumunta sa TaxOutreach.org/TaxCredits o tumawag sa IRS sa 1-800-829-1040**

## Pagkwalipika sa Earned Income Tax Credit (EITC) at Child Tax Credit (CTC):

**Kung wala kang mga anak, puwede kang makwalipika sa EITC na hanggang $560 kung:**

**Edad:**

Ikaw ay 25-64 taong gulang noong Disyembre 31, 2022.

**Kita noong 2022:**

Kumita ka nang mas mababa sa $16,480 ($22,610 kung may asawa).

**Kung hindi ka mamamayan ng U.S., puwede kang makwalipika kung:**

- **EITC:** Ikaw, ang iyong asawa, at ang sinumang anak na kine-claim mo ay may valid na Social Security number (SSN).
- **CTC:** May SSN ang sinumang anak na kine-claim mo. Ikaw at ang iyong asawa ay mayroon dapat SSN o Individual Taxpayer Identification Number (ITIN).

# Kwalipikado ba Ako?

**Sa panahon ng pagbubuwis, puwedeng bumaba pa ang utang mong buwis at puwede mong mabawi ang iyong pera** sa tulong ng Earned Income Tax Credit at Child Tax Credit! Kung nagtrabaho ka noong 2022, maaaring kwalipikado ka sa mga credit na ito.

**Mga Pampublikong Benepisyo:**

- Kapag nag-claim ka ng mga credit sa buwis na ito, hindi magbabago ang iyong pagkwalipika sa mga pederal na benepisyo tulad ng SNAP (mga food stamp), SSI, Medicaid, tulong na pera, o pampublikong pabahay.
- Kung iipunin mo ang iyong tax refund, hindi ito ibibilang sa mga limitasyon sa resource/asset para sa programa ng benepisyong pinopondohan ng pederal na gobyerno sa loob ng 12 buwan pagkatanggap sa refund.

## Kung mayroon kang mga anak, puwede kang makwalipika sa EITC at CTC kung:

**Paninirahan:**

- Nanirahan ang iyong mga anak nang kasama ka sa loob ng mahigit kalahati ng 2022.

**Edad – ang mga bata ay dapat:**

- **EITC:** 18 pababa noong Disyembre 31, 2022 (puwedeng wala pa sa edad 24 ang mga full-time na mag-aaral, at puwedeng kahit ano ang edad ng mga batang may permanente at ganap na kapansanan).
- **CTC:** 16 pababa noong Disyembre 31, 2022.

**Kita para sa 2022:**

- **Para sa pederal na CTC**, kung kumita ka nang higit sa $2,500, puwede kang mag-claim ng credit na hanggang $2,000 para sa bawat bata.
- **Para sa pederal na EITC**, mas mababa dapat ang iyong mga kinita sa mga sumusunod na limitasyon:

| Bilang ng Bata | Mga manggagawang walang asawa na may kitang mas mababa sa: | Mga manggagawang may asawa na may kitang mas mababa sa: | EITC na hanggang: |
|---|---|---|---|
| 1 bata | $43,492 | $49,622 | $3,733 |
| 2 bata | $49,399 | $55,529 | $6,164 |
| 3 o higit pang bata | $53,057 | $59,187 | $6,935 |

### Hindi pa huli para i-claim ang pinalawak na mga credit sa buwis para sa 2021!

**Dahil sa pandemya, pinalawak ang EITC at Child Tax Credit, at ginawang available ang mga ito sa mas maraming tao.** Natapos na ang pagpapalawak na iyon, PERO kung kwalipikado ka sa pinalawak na EITC noong 2021, sa pinalawak na Child Tax Credit noong 2021, o sa alinman sa tatlong round ng mga stimulus check at hindi mo pa na-claim ang mga ito, hindi pa huli ang lahat! Pumunta sa TaxOutreach.org/expanded para alamin pa ang tungkol dito.